# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

DEPED COPY

## Patnubay ng Guro

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaapat na Baitang**
**Patnubay ng Guro**
**Unang Edisyon, 2015**
**ISBN: _____________**

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD

DEPED COPY

**Mga Bumuo ng Patnubay ng Guro**

**Consultant:** Fe A. Hidalgo, PhD
**Mga Tagasuri at Editor:** Irene C. de Robles, Erico M. Habijan, at Joselita B. Gulapa
**Mga Manunulat:** Felamer E. Abac, Gina A. Amoyen, Jesusa M. Antiquiera, Henrieta A. Bringas, Grace R. Capati, Maria Carla M. Caraan, Rodel A. Castillo, Rolan B. Catapang, Isabel M. Gonzales, Noel S. Ortega, Marilou D. Pandiño, Adelaida M. Reyes, at Portia R. Soriano
**Mga Tagaguhit:** Eric S. de Guia, Fermin M. Febella Jr., at Randy G. Mendoza
**Mga Tagapagtala:** Gregorio T. Pascual at Bryan R. Simara
**Naglay-out:** Gregorio T. Pascual at Elizabeth T. Soriao-Urbano
**Punong Tagapangasiwa:** Joselita B. Gulapa
**Pangalawang Tagapangasiwa:** Marilou D. Pandiño

**Inilimbag sa Pilipinas ng ____________**
**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 5th Floor,Mabini Bldg, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 at 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

# Yunit I

## Pananagutang Pansarili at Pagiging Mabuting Kasapi ng Pamilya





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

Ang Yunit I ng Edukasyon sa Pagpapakatao para sa inyong mga mag-aaral sa ikaapat na baitang ay nagpapamalas ng pag-unawa sa mga makabuluhang gawain na may kaakibat na pagpapahalaga tungo sa wasto, maayos, masaya at mapayapang pamumuhay para sa pananagutang pansarili at pagiging mabuting kasapi ng pamilya.

Sakop ng yunit na ito ang pamantayang pangnilalaman na nagpapamalas ng pag-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng katatagan ng loob, pagkamatiyaga, pagkamatiisin, pagkabukas-isip, pagkamahinahon at mapagmahal sa katotohanan na magpapalaya sa anumang alalahanin sa buhay ng tao bilang kasapi ng pamilya at pamayanan. Pokus din ng yunit na ito ang pagsasagawa ng tamang pamamaraan/pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan.

Hinati sa siyam na aralin ang yunit upang matugunan ang mga pananaw na ito:

DEPED COPY

Aralin 1: Lakas ng Loob Ko, Galing sa Pamilya Ko
Aralin 2: Pagiging Matiyaga: Uugaliin Ko!
Aralin 3: Pagkamatiisin, Kaya Kong Gawin!
Aralin 4: Magiging Mapanuri Ako!
Aralin 5: Sa Maayos na Kaisipan, May Tamang Pagninilay
Aralin 6: Impormasyon: Bahagi at Instrumento sa Aking Pagkakatuto
Aralin 7: Aking Tutularan: Pagiging Mapagpasensiya
Aralin 8: Pagtitimpi, Pinahahalagahang Ugali
Aralin 9: Ako, Mahinahon sa Lahat ng Pagkakataon

Sa pagtatapos ng mga aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang maisasapuso ang diwa ng pagiging mapanagutan sa sarili at magiging isang mabuting kasapi ng pamilya. Ito ay naglalayon sa masusing pagkilala sa sarili at sa kaniyang kakayahan at bilang isang indibidwal na may puso at pagmamahal sa pamilya.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**Aralin 1** **Lakas ng Loob Ko, Galing sa Pamilya Ko**

**Layunin:** Nakapagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito

**Paksa/Pagpapahalaga:** Katatagan ng Loob *(Fortitude)*

**Mga Kagamitan:** larawan o *video clips*, kuwaderno, talaang papel/ sagutang papel, *venn diagram*, tseklis

**Integrasyon:** Filipino – Sining ng Pakikipagtalastasan, ICT

**Pamamaraan:**

**Alamin Natin**

1. Simulan ang aralin sa pagpapakita ng larawan o *video clips* na nagpapakita ng katatagan ng loob.

DEPED COPY

2. Ipabasa nang may pang-unawa ang kuwentong pinamagatang, “Roniel M. Lakasloob ang Pangalan Ko!”.

3. Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod:

   a. Ilarawan si Roniel. Alin sa mga katangian niya ang nagpapakita ng katatagan ng loob? Isa-isahin ito at patunayan.

   b. Papaano hinangaan ni Bb. San Pablo si Roniel? Isalaysay ito sa klase.

   c. Bilang mag-aaral, papaano mo ipakikilala ang iyong sarili nang may lakas ng loob at may katatagan sa harap ng maraming tao?

   d. Magtala ng mga dahilan kung bakit mahalaga ang pagiging totoo at may katatagan ng loob sa pagpapakilala ng sarili.

   e. Sa iyong palagay, bakit gustong makausap ng guro ang mga magulang ni Roniel? Magbigay ng sapat na batayan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

4. Talakayin ang kuwento sa malalim na pakahulugan. Bigyang-diin ang mga pagpapahalaga na makikita sa kuwento. Bigyang pokus ang pagpapakita ng lakas ng loob ng bata sa kuwento. Itanim sa kaisipan ng mga mag-aaral na kailangan nilang magkaroon ng lakas ng loob upang maging handa anuman ang dumating na pagsubok at makapagsabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito. Bigyang pansin din ang bahagi ng kuwento nang ipinatawag ng guro ang magulang ng bata. Ipamulat sa kanila na ang pagtawag sa magulang ay hindi lang kapag may kasalanan kundi pati na rin kung may nagawang kabutihan ang mga anak.

## Isagawa Natin

### *Gawain 1*

1. Sabihan ang mga mag-aaral na ipikit ang kanilang mga mata at magmuni-muni ng tungkol sa kanilang sarili. Hayaang maisip nila ang kanilang natatanging kakayahan o talento.

   Sabihin na isipin din nila ang kanilang mga kakayahan. Kailangang ipaliwanag ng guro ang kahulugan nito at magbigay ng halimbawa upang maunawaan ito ng mga mag-aaral.

DEPED COPY

2. Ipasulat sa mga mag-aaral sa kanilang talaang papel ang mga naisip nilang mga natatanging kakayahan o talento, at kalakasan gamit ang mga pangungusap na ito.

   "Ako ay si ________________. Ang ilan sa aking natatanging kakayahan o talento ay ang mga ____________________________, Ang mga kalakasan ko naman ay _______________________."

3. Tumawag ng ilang mag-aaral na magsasalita o magbabasa ng repleksiyong kanilang ginawa.

4. Talakayin ang ibinahagi ng mga mag-aaral. Magbigay ng positibong *feedback* upang lumakas ang tiwala nila sa kanilang sarili



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

***Gawain 2***

1. Pangkatin ang klase sa tatlo. Papiliin ng lider ang bawat pangkat.
2. Magkakaroon ng bahaginan ang bawat pangkat tungkol sa repleksiyon sa sarili sa unang gawain. Pag-uusapan nila kung ano ang kanilang naisip noong sila ay nagkaroon ng repleksiyon sa unang gawain. Ibabahagi rin nila kung ano ang papel na ginagampanan ng kanilang pamilya sa kanilang kalakasan at natatanging kakayahan o talento.
3. Habang ang mga mag-aaral ay nagbabahagi ng kanilang naisip sa pagrerepleksiyon, itatala ng lider ang kanilang sinasabi at gagawan ng buod. Ibabahagi ng lider ang buod sa klase upang mapag-usapan.

**Isapuso Natin**

DEPED COPY

1. Ipasulat sa mga mag-aaral ang ulat ng iba't ibang pangkat matapos itong marinig sa klase. Ipaliliwanag ng guro kung paano isasagawa ang *venn diagram*.

    a) sa bahaging titik A, ang mga natatanging kakayahan o talento at kalakasan mula sa pangkat A
    b) sa bahaging titik B, ang mga natatanging kakayahan o talento at kalakasan mula sa pangkat B
    c) sa bahaging titik C, ang mga natatanging kakayahan o talento at kalakasan mula sa pangkat C; at
    d) sa gitna, ang pare-parehong natatanging kakayahan o talento at kalakasan ng lahat ng pangkat.

    Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro para sa lalong ikauunawa ng mga mag-aaral.

2. Gabayan ang mga mag-aaral upang maisagawa nila nang tama ang susunod na gawain ng mga pangkat.
3. Para sa lalong ikauunawa sa pagpapahalagang tinalakay, pag-uusapan ng mga mag-aaral kung paanong ang kanilang kakayahan ay maipakikita nila nang may lakas, katatagan o tibay ng loob lalo



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

na sa harap ng maraming tao. Mahalaga na maganyak ng guro ang mga mag-aaral upang masabi nila ang kanilang tunay na saloobin.

4. Ipabasa at talakayin ang Tandaan Natin. Mahalaga na ang guro ay makapagbigay ng mga tanong na gaganyak sa mga mag-aaral na mag-isip at makibahagi sa usapan. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng lakas at tibay ng loob, at bilib sa sarili, at kung paano mapauunlad ang mga ito.

**Isabuhay Natin**

1. Patnubayan ang klase sa pagpaplano ng isang palatuntunan para sa pagdiriwang ng Buwan ng Nutrisyon sa Hulyo. Inaasahang maipakikita nila ang kanilang mga kakayahan sa mga bilang ng palatuntunan. Ang guro ay dapat na maging sensitibo sa mga mag-aaral na wala pang lakas ng loob na ipakita ang kanilang kakayahan. Dapat silang gabayan na makibahagi at huwag matakot gumanap sa naiatang na bahagi sa kanila.

DEPED COPY

2. Ipalabas ang palatuntunan sa klase.

3. Pag-usapan ang isinagawang palatuntunan. Tulungan ang mga mag-aaral na tasahin ang kanilang naging partisipasyon sa isinagawang gawain. Dapat maikintal sa isipan ng mga mag-aaral na ang ginawa nila ay pagpapakita ng lakas ng loob.

4. Alamin ang naging damdamin ng mga mag-aaral sa ginawa nilang pagganap sa palatuntunan at hayaang ibahagi nila ito sa klase.

**Subukin Natin**

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pahayag na nasa tseklis sa Subukin Natin sa Kagamitan ng Mag-aaral at ipasagot sa kanilang sagutang papel kung ito ay tama o mali. Hayaang ipaliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang sagot.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**Aralin 2** **Pagiging Matiyaga: Uugaliin Ko!**

**Layunin:** Nakapagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito

**Paksa/Pagpapahalaga:** Pagkamatiyaga *(Perseverance)*

**Mga Kagamitan:** papel, kuwaderno, *metacards*

**Integrasyon:** Filipino – Sining ng Pakikipagtalastasan

**Pamamaraan:**

**Alamin Natin**

1. Ganyakin ang mag-aaral sa paraang pagpapaalala ng iba't ibang palatuntunan na idinaraos sa paaralan. Maaaring sabihin ng guro, "Kapag patapos na ang panuruang taon, magkakaroon tayo ng Araw ng Pagkilala at Araw ng Pagtatapos para sa mga mag-aaral na nagtiyaga at nagsumikap sa buong taong panuruan." Banggitin na kapag may mga palatuntunan gaya nito ay nag-aanyaya ng tagapagsalita o *guest speaker* upang higit na mahikayat ang mga nagsipagtapos na magtagumpay sa larangan na kanilang gustong tahakin.

2. Ipabasa sa mga mag-aaral ang isang talumpati na may pamagat na, "Pagiging Matiyaga, May Dulot na Biyaya".

3. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong na makikita sa Alamin Natin sa Kagamitan ng Mag-aaral at talakayin ang kanilang mga sagot. Maaaring magbahagi rin ang guro ng alam niyang kuwento tungkol sa kilala niyang tao na katulad ng tauhan sa binasang talumpati na naging matiyaga at nagtagumpay.

4. Maaari ding pag-usapan kung ano-ano ang mga pangarap na maaaring makamit ng mga mag-aaral at kung ano ang kanilang maaaring gawing pagtitiyaga upang marating ito.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

## Isagawa Natin

### *Gawain 1*

Sa loob ng laso ay ipatala sa mag-aaral ang mga pangyayari sa kanilang buhay na nagpapakita ng kahalagahan ng pagiging matiyaga. Paano makatutulong ang pagiging matiyaga kasama ang katatagan ng loob sa oras ng sakuna o pangyayari sa kaniyang buhay?

Pasagutan ito sa isang malinis na papel. Gawing natural ang pagsagot ng mag-aaral.

### *Gawain 2*

Sa susunod na gawain, gabayan ang mag-aaral sa pagbuo ng tatlong pangkat at pumili ng lider. Matapos mapangkat ay bigyang-diin ang mga pangyayari sa buhay ni Dr. Garcia sa talumpati. Muli itong iproseso.

DEPED COPY

Maghanda ng kahon at mga tema na nakasulat sa *metacards* (pagiging matiyaga, pagiging matatag ang loob, at pagtanggap sa katotohanan). Pabunutin ng *metacard* ang bawat lider ng pangkat pagkatapos ay bigyan sila ng limang minutong paghahanda sa paggawa ng iskrip at presentasyon.

Bigyan ang mga mag-aaral ng oras para makapagbigay ng komento sa mga iniulat ng ibang pangkat bilang dagdag na pagpapatibay sa pinag-usapang pagpapahalaga.

Bigyan ng parangal ang mga mag-aaral na nagpakita ng galing sa dula-dulaan.

## Isapuso Natin

Ihanda ang mag-aaral sa pagpili ng simbolo na nagpapahiwatig ng pagiging masipag, matatag ang loob, at matiyaga. Papiliin ang mag-aaral ng simbolong gusto nila at ilagay ito sa pinakamataas na baitang. Ang pangalawa at pangatlong simbolo ay sa susunod na mga baitang.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

Matapos ito ay magpabuo ng maikling talata tungkol sa simbolong napili. Magbibigay ng paliwanag ang mga mag-aaral kung bakit ito inilagay sa una, pangalawa at pangatlong baitang. Ipagawa ito sa kanilang kuwaderno.

Basahin ang ilang talata na ginawa ng mga mag-aaral at magkaroon ng maikling talakayan.

Ipabasa sa mga mag-aaral ang Tandaan Natin nang may pang-unawa. Ipaliwanag ang mensahe nito at bigyang-diin ang pagpapahalagang pinag-aaralan. Maaari ding bumanggit ng iba pang mga pahayag ng ilang kilalang tao na nagtiyaga sa buhay upang umunlad at maging isang mabuting miyembro ng lipunang kaniyang ginagalawan.

**Isabuhay Natin**

DEPED COPY

Ipagawa sa kuwaderno ng mga mag-aaral ang Isabuhay Natin na nasa Kagamitan ng Mag-aaral.

Gamitin ang bahaging ito ng aralin upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagpapahalaga sa kanilang buhay.

Itanong sa mga mag-aaral, "Bilang mag-aaral, ano ang karanasan mong nagpapatunay na ikaw ay naging matiyaga? Ano naman ang naging bunga nito sa iyo?"

Ipasulat sa kuwaderno ng mga mag-aaral ang mga karanasan nila na nagpapakita ng pagiging matiyaga at sa katapat naman nito ay ang mga dahilan o bunga ng kanilang pagtitiyaga.

Kung kinakailangang magbigay ang guro ng sarili niyang karanasan, ito ay maaaring gawin.

Matapos gumawa ng mag-aaral, talakayin ang kanilang mga sagot.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

Para lalong tumimo sa puso at isipan ng mag-aaral ang pagiging matiyaga ay magpagawa o magpasulat ng maikling pangako ng pagiging matiyaga bilang mag-aaral at bilang mabuting kasapi ng pamilya.

Sa panghuling gawain ay magpasulat sa mag-aaral ng isang gawain sa bahay na maaaring maisagawa nang higit na mahusay kung mabibigyan ito ng sapat na oras at magpapamalas ng pagtitiyaga.

**Subukin Natin**

Ipaliwanag sa mga mag-aaral kung ano ang inaasahang maisasagawa nila sa bahaging ito ng aralin. Ipabasa sa mga mag-aaral ang panuto at ipasulat ang kanilang sagot sa kuwaderno. Talakayin ang sagot ng mga mag-aaral.

DEPED COPY

Batiin ang mga mag-aaral sa pagtatapos ng aralin at muling ipaalala ang pagpapahalagang tinalakay. Ihanda ang mag-aaral para sa susunod na aralin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**Aralin 3** **Pagkamatiisin, Kaya Kong Gawin!**

**Layunin:** Nakapagsusuri ng katotohanan bago gumawa ng anumang hakbangin o pagsangguni sa taong kinauukulan

**Paksa/Pagpapahalaga:** Pagkamapagtiis *(Patience)*

**Mga Kagamitan:** Tsart ng Paggawa ng Desisyon, kuwaderno, sagutang papel, *bond paper*

**Integrasyon:** Filipino – Sining ng Pakikipagtalastasan

**Pamamaraan:**

**Alamin Natin**

DEPED COPY

1. Simulan ang aralin sa pagbasa ng kuwento ni Willy. Ipaunawa sa mga mag-aaral ang ipinahihiwatig ng kuwento.

2. Ipasagot sa kanila ang mga tanong tungkol sa kuwento.

    a. Papaano ipinakita ni Willy na siya ay isang batang mapagtiis?
    b. Ano ang natuklasan ng guro ni Willy?
    c. Ano ang naging daan upang maipagawa ang tulay sa lugar nina Willy?
    d. Kung ikaw si Willy, magagawa mo bang tiisin ang katulad ng mga naranasan niya? Patunayan.
    e. Maglahad ng mga karanasan na magpapakita ng pagtitiis sa iyong buhay bilang mag-aaral.

3. Sa pagtalakay ng kuwento, bigyang-diin at pagpapahalaga ang ugaling pagkamatiisin ni Willy.

4. Hikayatin ang ilang mag-aaral na magkuwento ng kanilang karanasan na nagpapakita ng kanilang pagkamatiisin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

## Isagawa Natin

### *Gawain 1*

1. Magbigay ng sitwasyon na kinakailangang magtiis ng isang bata dahil sa hindi inaasahang pangyayari. Ipabasa ang mga sitwasyon sa Gawain 1 sa Isagawa Natin na nasa Kagamitan ng Mag-aaral.
2. Gabayang mabuti ang mga mag-aaral kung paano nila susuriin ang mga sitwasyon.
3. Hingan ng mga kasagutan ang mga mag-aaral. Hayaang magpahayag sila ng kanilang maaaring gawin. Pakinggan lamang at tandaan ang mga kasagutan ng mga mag-aaral.
4. Kapag marami nang nakuhang impormasyon sa mga mag-aaral, sabihing magtutulungan sila na alamin ang tamang desisyon na gagawin kaya sama-sama nilang suriin ang sitwasyon. Ipasagot ang mga tanong gamit ang nakahandang Tsart ng Paggawa ng Desisyon.

DEPED COPY

### *Gawain 2*

1. Pangkatin ang klase sa lima.
2. Bigyan ang bawat pangkat ng papel na may nakasulat na sitwasyon na susuriin at bibigyan ng mabuting desisyon bago gumawa ng anumang hakbangin. Tandaan na ang mga sitwasyong ibibigay ay nasa karanasan ng mga batang nasa ikaapat na baitang at ang ugaling maipakikita ay pagkamapagtiis.
3. Ipalarawan ang kasagutan sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang uri ng tsart.
4. Bago ipagawa ang gawain, ipaliwanag muna kung paano susukatin ang kanilang ginawa. Ipakita at ipaliwanag sa klase ang *rubrics* na makikita sa Kagamitan ng Mag-aaral.

## Isapuso Natin

1. Ipaalala sa mga mag-aaral na may mga taong kilala nila o malapit sa kanila ang may ginagawang pagtitiis para sa kanila. Sikaping maipalahad sa kanila na dapat silang magpasalamat sa mga taong ito.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

2. Sa isang *bond paper*, magpaguhit sa mga mag-aaral ng isang puso. Sa loob nito ay gagawa sila ng isang sulat para sa isang taong alam nilang nagtitiis para sa kanila. Ang sulat ay naglalaman ng mga bagay na maaaring gawin ng mga mag-aaral upang masuklian ang ginagawang pagtitiis ng taong kanilang susulatan.

   Ibig sabihin nito, ginagawa ng mag-aaral ang isang bagay na maluwag sa kaniyang kalooban bilang pagtanaw ng utang na loob at pagpapahalaga sa mga bagay na ginagawa ng kanilang mga magulang o taong alam nilang nagtitiis para sa kanila

3. Ipabasa ang ilang isinulat ng mga mag-aaral at talakayin.

4. Hikayatin ang mga mag-aaral na ipadala ang kanilang isinulat sa kinauukulan.

5. Basahin at talakayin ang Tandaan Natin. Sa pagtalakay nito, bigyang-diin at pahalagahan ang ugaling pagkamatiisin. Itimo sa kalooban ng mga mag-aaral na may mga pagkakataon na kailangang magtiis upang makamit ang mga pangarap.

DEPED COPY

**Isabuhay Natin**

1. Sabihin sa mga mag-aaral na mag-isip sila ng isang bagay o pangyayari na hindi nila tiniis ngunit kaya naman sanang tiisin. Batay sa bagay o pangyayaring ito, susulat sila sa kanilang sagutang papel ng isang pangako na pipilitin nila itong tiisin para sa kanilang ikabubuti.

2. Maaari itong gawin sa malikhaing paraan tulad ng pagkakaroon ng seremonya upang maging makabuluhan at madamdamin ang bahaging ito ng aralin.

**Subukin Natin**

Ipasagot sa kuwaderno ng mga mag-aaral ang mga tanong sa Subukin Natin na nasa Kagamitan ng Mag-aaral. Pasagutan din ang tseklis na makikita dito.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**Aralin 4** **Magiging Mapanuri Ako!**

**Layunin:** Nakapagninilay-nilay ng katotohanan mula sa mga balitang napakinggan at palatastas na nabasa o narinig.

**Paksa/Pagpapahalaga:** Mapanuring Pag-iisip *(Critical Thinking)*

**Mga Kagamitan:** sagutang papel/malinis na papel, kuwaderno, larawan ng *dart board,* ginupit na hugis puso

**Integrasyon:** *Media Literacy*

**Pamamaraan:**

**Alamin Natin**

1. Ipabasa sa mga mag-aaral ang kuwento na pinamagatang "Ang Balita ni Tatay Nato". Ihanda ang mag-aaral sa pamantayan sa pagbabasa.

DEPED COPY

2. Pagsumikapang maipadama sa mga mag-aaral ang kanilang mga naisin sa buhay na kaya nilang gawin sa kanilang edad. Gamitin ang konsepto ng konstruktibismo kung saan gagamitin ng mga mag-aaral ang kanilang mga karanasan para masagot ang iyong tanong.

3. Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang natutuhan mo sa kuwentong iyong nabasa?
   b. May pagkakataon bang hindi ka naniwala sa balitang iyong narinig sa radyo o nabasa sa pahayagan? Ipaliwanag ang dahilan.
   c. Paano mo masasabi na ikaw ay nagiging mapanuri sa mga balitang naririnig mo sa radyo o nababasa sa pahayagan? Ipaliwanag.
   d. Naranasan mo na ba na mali ang iyong pagkakaintindi sa balitang iyong narinig o nabasa? Magbigay ng halimbawa.
   e. Kung ikaw ang bata sa kuwento, susunod ka ba sa paalala ng iyong tatay ukol sa balita niyang napakinggan? Ipaliwanag.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

4. Pag-usapan ang kanilang mga kasagutan. Sa bahaging ito ng pagtalakay, maging sensitibo sa kanilang mga kasagutan.
5. Maaari din na magdagdag ang guro ng kaniyang karanasan tungkol sa kuwento.

### Isagawa Natin

Makatutulong sa pagkilala ng mapanuring pag-iisip ang mga gawain sa Isagawa Natin.

1. Ipagawa sa kuwaderno ng mga mag-aaral ang Gawain 1 sa Isagawa Natin sa Kagamitan ng Mag-aaral. Ipasulat sa loob ng kahon ang mga balitang kanilang napakinggan o nabasa. Isulat ito sa kahon ng Magandang Balita at Mapanghamong Balita. Pag-usapan ang mga sagot.

   Upang matukoy ng mga mag-aaral kung ano ang kaibahan ng mga balita, ipaliwanag muna sa kanila ang kahulugan ng magandang balita at mapanghamong balita

   Ang **magandang balita** ay ulat ng mga positibong pangyayari tungkol sa ginagawa ng tao na inaakalang pananabikan o mabatid at mapaglilibangan ng mambabasa, nakikinig o nanonood. Samantalang ang **mapanghamong balita** naman ay tungkol sa mga pangyayaring may karahasan, droga, seksuwal na hindi angkop sa batang nanonood o nakikinig.

2. Itanong sa mga mga-aaral kung ano ang mga balitang tumatak sa kanilang isipan noong nagdaang araw na masasabi nilang Magandang Balita o Mapanghamong Balita.
3. Upang mabuo ang pangungusap na nasa loob ng kahon, ang mga patlang na bahagi ay pupunan ng mga salitang nais sabihin ng mag-aaral.

| |
|---|
| Kung ang mga balita ay tungkol sa mga negatibong bagay, ang gagawin ko ay ____________________________ dahil naniniwala ako na ______________________________________. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

4. Patnubayan ang mga mag-aaral na maisagawa ang Gawain 2 na *Mini Presscon*.

   Ang *Mini Presscon* ay pagpupulong na dinadaluhan ng mga sumusulat ng balita, nagbabalita at manonood na magtatanong sa nagbabalita sa magiging epekto ng balita.

5. Pangkatin ang mag-aaral sa tatlo.

6. Bawat pangkat ay may pagtatanghal o palabas na gagawin batay sa sumusunod:

   - Unang pangkat - mga tagapagbalita
     - lahat ng mahuhusay sa pagsasalita ay magsasama-sama at pipili kung sino ang magiging *anchor* o tagapagbalita.
   - Ikalawang pangkat - mga tagagawa ng *script*
     - ang magagaling sa pagsulat ay susulat ng simpleng balita.
   - Ikatlong pangkat - tagasuri ng balita
     - ang mga manonood na magsusuri ng balita at magtatanong sa magiging epekto nito.

7. Gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang gawain.

8. Maglaan ng isang araw para sa Gawain 3. Matapos ang pagtatanghal ay alamin ang mga kasagutan sa mga katanungang nakapaloob sa Gawain 3 sa Kagamitan ng Mag-aaral.

   Sa bahaging ito, kailangang magamit ang teoryang *social-interactive learning*. Iparamdam sa mga mag-aaral na sila ay matututo sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan sa kanilang kapuwa mag-aaral. Hayaan silang magbalitaktakan. Huwag kalimutang bigyan sila ng mga pamamaraan kung papaano nila gagawin ang talakayan na hindi makaiistorbo sa ibang pangkat.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**Isapuso Natin**

Sa pagkilala sa mga kayang magawa, mapapansin na madaling maisusulat ng mga mag-aaral ang kaya nilang gawin.

1. Ipagawa ang Isapuso Natin.

2. Gagawa ang guro ng *dart board.* Dito ay ilalagay ng mag-aaral ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng paglalagay ng puso sa numero ng pagiging mapanuri. May mga numero na katumbas ng antas ng pagiging mapanuri niya bilang mag-aaral sa mga balitang naririnig sa radyo o nababasa sa pahayagan.

3. Ipaskil ang *dart board* ng mapanuring mag-aaral sa isang bahagi ng dingding bilang lunsaran, pamantayan, o paalaalang kaisipan sa klase.

   Sa mga gawaing ito, gabayan ang mga mag-aaral sa mga ipinaskil na gawain sa pader ng silid-paaralan. Nilalayon nito na magkaroon ng pagbibigay-papuri at bukas na talakayan hinggil sa kanilang mga reaksiyon sa mga bagay na sinusuri. Magkaroon ng talakayan sa mga sagot ng mga mag-aaral.

4. Bigyang-diin ang Tandaan Natin. Ipabasa ito sa mga mag-aaral nang may pang-unawa. Ipaliwanag nang mahusay ang mensahe nito upang lubos na maisapuso ito ng mga mag-aaral.

DEPED COPY

**Isabuhay Natin**

Ipagawa ang Isabuhay Natin sa Kagamitan ng Mag-aaral.

Ang bahaging ito ng talakayan ay dapat na pagpapalalim ng tinalakay na paksa.

Ipabigkas sa mag-aaral nang may lakas, sigla at may damdamin ang tulang pinamagatang "Mapanuri Ako".



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

Huwag itong hayaang matapos sa pamamagitan ng pagbigkas ng tula ng mga mag-aaral. Isakatuparan ang proseso upang maintindihan at maikintal sa kaisipan ng mga mag-aaral ang paksang tinalakay sa aralin.

Bubuo ng sariling pangako ang mga mag-aaral tungkol sa pagiging mapanuri sa narinig na balita sa radyo o nabasa sa pahayagan. Ipasulat ito sa kuwaderno ng mag-aaral. Palabasin ang kahalagahan ng pagtitiwala sa sarili at kakayahan.

Magdagdag ng mga likhang-kuwento tungkol dito kung kinakailangan.

**Subukin Natin**

1. Ipahanda sa mga mag-aaral ang kanilang sagutang papel at ipasagot ang Subukin Natin na nasa Kagamitan ng Mag-aaral.

2. Pagkatapos masagutan ng mag-aaral ang gawain, muli itong iproseso. Mahalaga na maipakita ang kanilang pagninilay sa kanilang mga sagot.

   Sagutin ang mga sumusunod:

   - Ano ang iyong masasabi sa iyong mga sagot?
   - Naniniwala ka ba sa iyong mga sagot?
   - Pinaninindigan mo ba ang iyong mga sagot?

   Sabihing muli itong pagnilayan ng mga mag-aaral.

Batiin ang mga mag-aaral sa natapos na aralin at ihanda sila sa susunod na aralin. Maaaring magbigay ng takdang-aralin kung kinakailangan, para magsilbi itong motibasyon sa susunod na pag-aaralan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**Aralin 5** **Sa Maayos na Kaisipan, May Tamang Pagninilay**

**Layunin:** Nakapagninilay-nilay ng katotohanan mula sa mga napanood na programang pantelebisyon

**Paksa/Pagpapahalaga:** Mapanuring Pag-iisip *(Critical Thinking)*

**Mga Kagamitan:** sulatang papel, *bond paper*, kuwaderno

**Integrasyon:** Media Literacy
Filipino – Sining ng Pakikipagtalastasan

**Pamamaraan:**

**Alamin Natin**

DEPED COPY

1. Ipabasa sa mga mag-aaral ang usapan ng dalawang mag-aaral. Ihanda ang mag-aaral sa pamantayan sa pagbabasa.

2. Pagsumikapang maipalabas sa mga mag-aaral ang kanilang mga naisin sa buhay na kaya nilang gawin sa kanilang edad. Gamitin ang konsepto ng konstruktibismo kung saan gagamitin ng mga mag-aaral ang kanilang mga karanasan para masagot ang tanong ng guro.

3. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong:

    a. Tungkol saan ang pinag-uusapan ng dalawang bata sa larawan?

    b. Nakatulong ba kay Bong ang kaniyang napanood sa telebisyon? Ipaliwanag.

    c. Paano ito nakaapekto sa kanilang kaisipan at damdamin?

    d. Kung ikaw si Bong, gagawin mo ba ang sinabi ni Jessa? Pangatwiranan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

4. Ipatala sa mga mag-aaral ang huli nilang napanood sa telebisyon at hayaan silang ipaliwanag kung ano ang naging epekto nito sa kanilang damdamin at kaisipan.

5. Talakayin ang mga kasagutan ng mga mag-aaral. Sa bahaging ito ng pagtalakay, maging sensitibo sa kanilang mga kasagutan.

6. Maaari din na magdagdag ang guro ng kaniyang karanasan tungkol sa kuwento.

**Isagawa Natin**

Makatutulong sa pagkilala ng tamang pagninilay ang mga gawain sa Isagawa Natin.

1. Ipagawa sa kuwaderno ng mga mag-aaral ang Gawain 1 sa Isagawa Natin sa Kagamitan ng Mag-aaral. Pupunan ng mga mag-aaral ng kaniyang mga napanood sa telebisyon ang loob ng hugis na tulad ng nasa Kagamitan ng Mag-aaral. Itanong kung paano nakaapekto ang mga ito sa kanilang kaisipan at damdamin. Talakayin ang kanilang mga kasagutan.

DEPED COPY

2. Patnubayan ang mga mag-aaral sa Gawain 2. Bubuo sila ng limang pangkat. Magpatala ng mga impormasyon na napanood ng mga mag-aaral sa telebisyon gamit ang *template* na nasa Kagamitan ng Mag-aaral. Sa unang kolum, itatala ng mga mag-aaral ang mga programang kanilang napanood. Ipoproseso ito kung ang kanilang napanood ay may positibo at negatibong aspekto. Sa ikalawang kolum ay ilalagay ang aral ng programang napanood at ang hamon ay ilalagay sa ikatlong kolum.

3. Masusing pag-aaralan ng mga mag-aaral ang kanilang itinala. Mula rito, ang bawat pangkat ay pipili ng kanilang gagawing dula-dulaan.

4. Bigyan ang bawat pangkat ng tatlong minuto para sa presentasyon. Gawing magaan sa mag-aaral ang pag-uulat sa unahan. Maaari



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

itong maging *interactive* o sa pamamagitan ng isang paggabay at pagkatuto. Sa bahaging ito, kailangang magamit ang teoryang *social-interactive learning*. Iparamdam sa mga mag-aaral na sila ay matututo sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan sa kanilang kapuwa mag-aaral. Huwag kalimutang bigyan sila ng mga pamamaraan kung papaano nila gagawin ang talakayan na hindi makaiistorbo sa ibang pangkat.

**Isapuso Natin**

Sa pagkilala ng kanilang magagawa, mapapansin ninyo na madaling maisusulat ng mga mag-aaral ang kaya nilang gawin. Ito ay nagpapatunay na alam nila ang kanilang napanood sa telebisyon.

1. Ipagawa ang Isapuso Natin tulad ng nasa Kagamitan ng Mag-aaral.
2. Ang larawan ng ulo ay iginuhit upang maging sentro ng pagproseso ng napanood ng mga mag-aaral. Sa kahon A, B at C ay ipatatala ang mga nasa isip ng mga mag-aaral nang matapos nilang mapanood ang mga anunsiyo o programa sa telebisyon. Maaaring ang sagot ng mga mag-aaral ay tumutukoy sa kanilang damdamin, reaksiyon o puna sa napanood. Muli, ipaunawa sa mga mag-aaral ang kanilang isinulat sa kahon. Ipasulat naman sa loob ng puso na may kahon ang konkretong natutuhan o aral na naidulot ng anunsiyo o programa sa telebisyon.
3. Ipaskil ang mga gawain sa isang bahagi ng dingding bilang lunsaran, pamantayan, o paalaalang kaisipan sa klase.

   Sa mga gawaing ito, gabayan ang mga mag-aaral sa mga ipinaskil na gawain sa pader ng silid-paaralan. Nilalayon nito na magkaroon ng pagbibigay ng papuri at bukas na talakayan hinggil sa kanilang mga reaksiyon sa mga bagay na sinusuri.
4. Maaari ding magbigay ang guro ng kaniyang sariling kuro-kuro tungkol sa bukas na pag-iisip at tamang pagninilay sa napanood

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

sa telebisyon. Halimbawa: Ang ating mga napanood ay maaaring makaapekto sa atin, maaari din itong gabay para sa ating pag-unlad. Ang patnubay ng mga magulang o nakatatanda sa atin ay makatutulong upang hindi maabuso ang pag-iisip.

5. Bigyang-diin ang Tandaan Natin. Ipabasa ito sa mga mag-aaral nang may pang-unawa. Ipaliwanag nang mahusay ang mensahe nito upang lubos itong maisapuso ng mga mag-aaral.

   Ayon sa MTRCB may anim na baitang sa pag-uuri-uri ng mga pelikulang ipinapakita sa Pilipinas:

| | | |
|---|---|---|
| **G o GP** | **-** | Para sa lahat ng manonood (mula sa Ingles na *General Patronage*) |
| **PG-13** | **-** | Patnubay at Gabay. Mga batang labintatlong (13) taong gulang pababa ay nangangailangan ng pagbabantay ng nakatatanda (mula sa Ingles na *Parental Guidance*) |
| **R-13** | **-** | Para lamang sa mga taong labintatlong (13) taong gulang pataas (mula sa Ingles na *Restricted*) |
| **R-16** | **-** | Para lamang sa mga taong labing-anim (16) na taong gulang pataas |
| **R-18** | **-** | Para lamang sa mga taong labingwalong (18) taong gulang pataas. |
| **X** | **-** | Bawal ipalabas sa publiko |

May tatlong baitang ng pag-uuri ang kasalukuyang ginagamit ng MTRCB sa pag-uuri ng mga programa sa telebisyon:

| | | |
|---|---|---|
| **G** | **-** | Para sa lahat ng manonood o *General Patronage* |
| **PG** | **-** | Patnubay at gabay ng magulang ang kailangan o *Parental Guidance* |
| **SPG** | **-** | Mahigpit na patnubay at gabay ng magulang ang kailangan.Sa mga palabas ng MTRCB na nagpapahayag ng baitang ng isang programa, ito ay tinatawag na “Striktong Patnubay at Gabay” o *Strong Parental Guidance*. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**Isabuhay Natin**

1. Ipagawa ang Isabuhay Natin na nasa Kagamitan ng Mag-aaral.

   Ang bahaging ito ng talakayan ay dapat na pagpapalalim sa tinalakay na paksa.

2. Pag-iisipan ng mga mag-aaral ang tanong na ito:

   | |
   |---|
   | “Nakatutulong ba ang mga programang napanood mo sa iyong pagpapasiya pagkatapos mo itong suriin? Pangatwiranan.” |

3. Isakatuparan ang proseso upang maintindihan at maikintal sa kanilang kaisipan ang paksang tinalakay sa aralin.

4. Magpagawa ng tatlong simpleng *poster* sa temang “Kaya Kong Maging Mapanuring Manonood, Bukas ang Isip sa Tamang Gawi at Asal”.

DEPED COPY

5. Ipaskil ang gawa ng mga mag-aaral sa *Bulletin Board* upang makahikayat ng mga mag-aaral na magkaroon ng mapanuring pag-iisip at tamang pagninilay tungkol sa balita at programang napapanood. Bigyan ng pagkilala ang mga mag-aaral na nagpakita ng maayos at magandang *poster*. Ito ay makatutulong upang makagawa ang mga mag-aaral ng makabuluhang obra.

   Maaari ding magdagdag ng mga likhang-kuwento tungkol dito kung kinakailangan.

**Subukin Natin**

1. Ipasagot sa kuwaderno ng mga mag-aaral ang Subukin Natin na nasa Kagamitan ng Mag-aaral.

2. Pagkatapos masagutan ng mag-aaral ang gawain, muli itong iproseso. Mahalaga na maipakita ang kanilang pagninilay sa kanilang mga sagot.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

3. Sagutin ang sumusunod:
    - Ano ang masasabi mo sa iyong mga sagot?
    - Mapangangatwiranan mo ba ang iyong mga sagot?
    - Nasagutan mo ba nang buong puso ang mga tanong?
    - Pinaninindigan mo ba ang iyong mga sagot?
4. Muli itong pagnilayan ng mga mag-aaral.

Sabihin sa mga mag-aaral, “Pumalakpak nang limang beses na may tatlong padyak at isigaw ang, ‘galing-galing’!” Mahusay mong natapos ang aralin.  Ngayon handa ka na sa susunod na aralin.”

Magbigay ng takdang-aralin kung kinakailangan para magsilbi itong motibasyon sa susunod na pag-aaralan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.